Ota City

# "Paunawa kaugnay sa Paraan ng Pagtatapon ng Basura"

**Mula noong Nobyembre 2022, sinimulan sa Ota City ang inisyatiba ng pagkolekta ng plastik bilang recyclable.**
**Mula sa Oktubre 2023, palalawakin ang area ng pagpapatupad ng inisyatibang ito.**
**At magtatalaga rin ng panibagong araw para sa pagkolekta ng plastik sa mga area ng pagpapatupad.**

**Sakop sa pagkolekta ang mga plastik na tulad ng nasa larawan sa ibabang:**

- **Bagay na yari lamang sa plastik**
- **Bagay na walang 30 cm ang haba ng isang gilid, at**
- **Bagay na walang dumi.**





## 【Halimbawa ng Kokolektahing Plastik】


### Lalagyan, bote, label atbp. ng pagkaing may markang プラ




### Mga stationery, laruan atbp.



### Materyales para sa packing, kagamitan sa pag-iimbak atbp.



### Kagamitang pang-kusina, kagamitang pambanyo atbp.



## 【Tungkol sa Pagbabago sa Araw ng Pagkolekta】

| Kasalukuyan | Recyclable | Nasusunog | Hindi nasusunog |
|---|---|---|---|
| | <1 beses sa isang linggo> | <2 beses sa isang linggo> | <2 beses sa isang buwan> |

**Dadagdagan ang araw ng pagkolekta para sa**

**<Nakalista sa huling pahina ang mga area ng pagpapatupad at araw ng pagkolekta.>**

| Mula Oktubre 2023 | Plastik | Recyclable | Nasusunog | Hindi nasusunog |
|---|---|---|---|---|
| | <1 beses sa isang linggo> | <1 beses sa isang linggo> | <2 beses sa isang linggo> | <2 beses sa isang buwan> |

*Kinokolekta sa araw para sa Recyclable sa mga area kung saan nagsimulang ipatupad noong Nobyembre 2022, ngunit hinihiling ang paglalabas sa bagong itinalagang araw.

# Paraan ng Pagtatapon

**<u>Ipagsama-sama ang lahat ng plastik,</u> ilagay sa supot na nakikita ang laman (maaari ang semi-transparent), at itapon ito sa tambakan ng basura nang hindi lalampas ng alas 8 ng umaga sa araw para sa【Plastik】.**





Mangyaring itapon ang mga PET bottle sa araw para sa【Recyclable】.

**Pakiusap** **Mangyaring huwag magtapon ng dinobleng supot.**

**Bubuksan ang lahat ng supot ng mga kinolektang plastik para i-check ang nilalaman. Mangyaring huwag doblehin ang pagsupot, tulad ng paglalagay sa malaking supot ng maliliit na supot na nilagyan ng plastik.**




# Mga Punto sa Paraan ng Pagtatapon

**Punto ①** **Itapon ang mga bagay na yari sa plastik lamang!**

**Punto ②** **Itapon ang malinis hangga't maaaring plastik!**

Madudumihan din ang nakapaligid na malinis na plastik kapag may dumi.
Maaaring hindi ma-recycle ang maruming plastik.
Mangyaring tanggalin ang dumi ng mantika, tira-tira ng pagkain atbp.




Mga 2, 3 beses itong banlawan ng tubig

**Punto ③** **Sa araw rin para sa【Plastik】ang mga styrofoam at tray ng pagkain.**

Dating kinokolekta sa araw para sa【Recyclable】ang styrofoam at tray ng pagkain, ngunit simula Oktubre 2023, kokolektahin ang mga ito sa araw para sa【Plastik】.

# Pag-handle ng PET bottle


**【Katawan ng PET bottle】**




**Recyclable**

**Tanggalin ang takip at label at itapon sa araw para sa【Recyclable】.**

**【Takip at label】**



**Plastik**


**Tanggalin ang takip at label mula sa katawan, at itapon sa araw para sa【Plastik】.**

# Mga Plastik na Hindi Maaaring Kolektahin bilang Plastik (Halimbawa)


<u>Lalagyang hindi matanggal ang dumi kahit banlawan ng tubig</u>




Bagay na naglalaman ng metal o iba pang hindi plastik



Bagay na lampas sa mga 30 cm



Mangyaring itapon ito sa malalaking basura.

Heringgilya at iba pang ginamit sa home medical care




Mangyaring magtanong sa institusyong medikal o sa waste collection office.

Lighter

Siguraduhing ubos ang laman, ilagay sa supot, at itapon sa Hindi Nasusunog na Basura.



Power bank



Mangyaring itapon sa box para sa pagkolekta sa tindahan nito atbp.

# Ano ang mangyayari sa kinolektang plastik?



Kapag nahalo ang maruming plastik o nabubulok na basura, marurumihan din ang malinis na plastik na tinipon kasama nito.






Mga bagay na hindi angkop sa pagre-recycle, tulad ng maruming bagay → Incineration Plant

Intermediate Waste Treatment Facility → Plastik → Pasilidad para sa Pagre-recycle

【Plastik】 【Koleksyon at Paghahakot】 【Pagbubukod-bukod】 【Pagproseso】

# Proseso ng Pagre-recycle ng Plastik

Pagre-recycle ng materyales → Basurang plastik → Paggawa ng raw material tulad ng pellet* → Muling paggamit ng plastik



Pagre-recycle ng kemikal → Basurang plastik → Pag-decompose sa pamamagitan ng gasification atbp. → Muling paggamit bilang kemikal na raw material




*Tinutukoy ng pellet ang plastik na hugis butil (butil ng bigas) bago ito hubugin.

# Magsikap tayo para mabawasan ang plastik na basura!

Nakatanim ang plastik sa malawak na bahagi ng ating pamumuhay, mainam itong gamitin, at naging bagay itong lubha nating kailangan. Kasabay nito, mayroong problema ng paglalabas ng $CO_2$ sa pagmamanupaktura, pagkonsumo at pagbabasura ng plastik, at polusyon sa kapaligiran dulot ng plastik na basura sa dagat atbp., at nagiging higit na mahalaga ang paggamit at pag-recycle ng plastik bilang resource.

Upang maghubog ng sustenableng lipunan, kasabay ng matalinong pakikitungo sa plastik, kailangang isulong ang pagre-recycle ng plastik pagkatapos nitong gamitin, at gumawa ng paraan para sa pagre-recycle.

Sa paghahangad na maging lipunang nakatutok sa pagre-recycle, isusulong ng Ota City ang pagbabago tungo sa pamumuhay na hindi naglalabas ng basura hangga't maaari sa pamamagitan ng **pagkontrol sa paglikha (Reduce), at muling paggamit (Reuse)** (Tatawaging **2R** mula rito.). Tungkol sa hindi kailangang bagay na nalalabas kahit isagawa ang **2R**, itataguyod namin ang paglalabas na nakatutok sa **pagre-recycle (Recycle)** hangga't maaari, at sisikapin naming mabawasan ang pabigat sa kapaligiran at mapahaba ang panahon na maaaring gamitin ang mga final disposal site.

## Mga Priyoridad para sa Pagbabawas ng Plastik

### ① Reduce
(Reduce)

- Huwag bumili ng bagay na hindi kailangan.
- Gumamit ng eco bag at tumbler.
- Gumamit ng produktong maaaring refill-an.
- Tanggihan ang hindi kailangang pambalot.
- Iwasan ang paggamit ng disposable na produkto.





### ② Reuse
(Reuse)

- Gumamit ng mga flea market (kasama ang mga website at app), recycle shop atbp.
- Gumamit ng returnable na produkto.
- Gamitin nang mas matagal sa pamamagitan ng maintenance at pag-remake.



### ③ Recycle
(Recycle)

- Ipagbukod-bukod nang maayos at itapon sa araw para sa [Plastik].
- Dalhin sa kolektahan sa mga tindahan tulad ng supermarket.



# Mga Area ng Paunang Pagpapatupad ng Pagkolekta ng Plastik

(as of October 2023)

| Lokasyon ng Tambakan ng Basura | | Araw ng pagkolekta |
|---|---|---|
| Ishikawa-cho | Lahat ng area (1-2 chome) | Lunes |
| Omori-kita | 5 chome 9-11 ban, 14 ban | Lunes |
| Omori-naka | Lahat ng area (1-3 chome) | Martes |
| Omori-nishi | 1-6 chome, 7 chome 1-6 ban, 7 ban (6-19 go) | Biyernes |
| | 7 chome 7 ban (1-5 go, 20-28 go), 8-9 ban | Lunes |
| Omori-higashi | Lahat ng area (1-5 chome) | Martes |
| Omori-honcho | 2 chome 25 ban (10-19 go), 27 ban (5-7 go), 28-30 ban | Martes |
| Omori-minami | 1 chome 5-11 ban, 12 ban (8-16 go), 17 ban (7-17 go), 18 ban (7-14 go), 2-5 chome | Martes |
| | 1 chome 1-4 ban, 12 ban (1 go, 2 go, 18 go, 20-26 go) 13-16 ban, 17 ban (1-6 go, 18-27 go), 18 ban (1-6 go, 16-26 go), 19-24 ban | Miyerkules |
| Kami-ikedai | 1 chome 1-17 ban, 20 ban | Miyerkules |

| Lokasyon ng Tambakan ng Basura | | Araw ng pagkolekta |
|---|---|---|
| Kita-senzoku | Lahat ng area (1-3 chome) | Miyerkules |
| Kita-kojiya | Lahat ng area (1-2 chome) | Miyerkules |
| Denen-chofu | Lahat ng area (1-5 chome) | Lunes |
| Naka-rokugo | 1 chome | Lunes |
| | 2-4 chome | Huwebes |
| Nishi-kojiya | Lahat ng area (1-4 chome) | Sabado |
| Nishi-rokugo | 1 chome | Lunes |
| | 2-4 chome | Huwebes |
| Haginaka | Lahat ng area (1-3 chome) | Sabado |
| Higashi-kojiya | Lahat ng area (1-6 chome) | Miyerkules |
| Higashi-rokugo | Lahat ng area (1-3 chome) | Huwebes |
| Minami-senzoku | Lahat ng area (1-3 chome) | Miyerkules |
| Yukigaya 0tsuka machi | Lahat ng area | Lunes |

*Tungkol sa ibang mga area rin, balak na palawakin sa hinaharap upang maipatupad sa lahat ng area sa piskal na taong 2025.

**Mapagtatanungan**

**Namamahala sa Sanitation at Pagre-recycle, Sanitation Division ng Ota City**

**Numero ng telepono: 03(5744)1628**